Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-77 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Setyembre 1, 2023
(Wikang Hapon) http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

# Pag-ulat sa Mayor at sa Konseho ng Kawasaki ukol sa Aktibidad ng taong 2022

Noong ika-21 ng Abril, Biyernes, ipinasa nina Lahiru Sanketha Perera (Tagapangulo), Huanhuan Li (ikalawang pangulo), Gabriela Hristova (tagapangulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay), at Yurika Karen Ito (tagapangulo ng Komite ng Impormasyon at Lipunan) kay Mayor Norihiko Fukuda ang pag-ulat sa taong 2022.

Sa pag-ulat na ito, ibinahagi ang mga tema at mga opinyong napag-usapan sa mga meeting, at mga aktibidad sa taong 2022.

Ayon sa mayor, "Nais kong magbigay ng pagpapasalamat sa mga aktibidad kagaya ng pagsali sa mga Citizen Festival at mga meeting, kahit na hindi pa lubusang nawawala ang Covid virus. Sa ngayon, ang inyong mga panukala ay parte ng mga hakbang ng lungsod, kagaya ng pagkakaroon ng multi-lingwal na aplikasyon para sa pangangalaga ng bata, at ako ay umaasa sa inyong mga aktibidad ngayong termino. Inaasahan ko ang inyong panukala sa susunod na taon."

Dagdag dito, sina Lahiru Sanketha Perera (tagapangulo) at Huanhuan Li (ikalawang pangulo) ay naimbitahan bilang sanggunian sa Komite sa Edukasyon ng Konseho ng Lungsod, at inireporta ang mga aktibidad sa taon ng 2022.






▶ Ang taunang ulat ay matatagpuan din ditto
https://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042762.html

# Recruitment para sa ika-15 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan

Ang Pagpupulong ng Kinatawan ng Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki ay naisagawang ordinansa ng Lungsod ng Kawasaki mula taong 1996. Sa pagpupulong, ang mga kinatawan ay pumipili ng tema mula sa mga pang-araw-araw na karanasan at problema ng mga dayuhang residente. Ang result anito ay ipanapasa bilang panukala sa mayor.

- Termino: Mula Abril 1, 2024 hanggang Marso 31, 2026 (2 taon)
- Bilang ng posisyon: 26 katao
- Tungkulin: Ang miting ay gaganapin 8-9 beses sa isang taon, tuwing hapon ng Linggo. Maliban dito, magsasagawa din ng fieldwork, at pagsali sa mga ibento.
- Paraan ng pagsali: Ipadala sa poste ang application form bago mag Nobyembre 21, 2023 (Martes). Ang tatak ng poste ay hanggang sa araw na ito.
- Kwalipikasyon: Ang mga taong naaangkop sa lahat ng kwalipikasyon ay pwede mag-apply.
  (1) Walang hawak na nasyonalidad ng Hapon
  (2) Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2024
  (3) Nakatala bilang residente ng Kawasaki nang higit sa isang taon bago mag Abril 1, 2024
- Ang application form ay maaaring matagpuan mula Setyembre, sa mga ward office, citizen's hall, library, Kawasaki International Center, atbp.
- Maaring idownload mula sa homepage ng lungsod.

【Para sa tanong】
Kawasaki City, Multicutural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
– Tagapamahala ng Patakaran sa Dayuhang Mamamayan
TEL　044-200-2846　　FAX　044-200-3707　　E-mail　25gaikok@city.kawasaki.jp



# Nais mo bang making sa meeting?

—— Iskedyul ng Pagpulong sa termino ng taong 2023 ——

Oras：　mula 2pm hanggang 5pm

| | | Araw | Lugar |
|---|---|---|---|
| Ika-dalawang meeting | Ika-dalawang araw | Setyembre 10, 2023 (Linggo) | Kawasaki International Center |
| Ika-tatlong meeting | Ika-unang araw | Oktubre 15, 2023 (Linggo) | Nakahara Citizen Hall |
| | Ika-dalawang araw | Disyembre 10, 2023 (Linggo) | Nakahara Citizen Hall |
| Ika-apat na meeting | Ika-unang araw | Enero 14, 2024 (Linggo) | Kawasaki International Center |
| | Ika-dalawang araw | Pebrero 4, 2024 (Linggo) | Kawasaki International Center |

＊＊＊＊＊＊＊

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina't makibahagi sa pagpupulong!

# Ulat tungkol sa Pagsisiyasat at Deliberasyon ng ika-14 Termino

▶ Komite para sa Ligtas na Pamumuhay

Sa Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, aming pinili ang mga pwedeng maging panukala noong ika-unang araw ng ikalawang meeting. Makatapos ang pagpalitan ng mga opinyon at diskusyon sa bawat tema, napili ang "Sistema para sa suporta pagkatapos manganak".

Sa susunod na tema, aming ikukumpirma ang mga tuntunin para makapaglathala sa Handbook sa "Kalusugan ng Ina at Bata (Boshi Kenko Techo)" at "Gabay sa pagiging magulang (Kosodate Guidebook)", pag-aaralan ang "Pag-aaral para sa magulang (Ryoshin Gakyu)", "App para sa Kosodate sa Kawasaki (Kawasaki Kosodate Apri)", at pipiliin ang direksyon ng panukala.

Tagapangulo ng Komite, Gabriela Hristova

▶ Komite ng Impormasyon at Lipunan

Sa Komite ng Impormasyon at Lipunan, aming pinili ang mga pwedeng maging panukala noong ika-unang araw ng ikalawang meeting. Sa mga nakaraang meeting, kami ay nagdiskusyon ukol sa 4 na tema, at sa loob ng maraming mga opinion, aming napili bilang tema ng panukala ang "Sistema ng Seguro sa Pangmatagalang Pangangalaga (Kaigo Hoken Seido)". Ang tema na ito ay importante hindi lamang para sa mga dayuhan, ngunit para rin sa mga Japanese.

Sa susunod, aming pag-aaralan ang kasalukuyang sitwasyon at mga isyu upang makagawa ng panukalang makakatulong sa mga mamayan ng Kawasaki, at mga taong kasangkot sa pangangalaga.

Tagapangulo ng Komite, Yurika Karen Ito

## ☆ Paunawa tungkol sa Open Forum ☆

Ang open forum ay isinasagawa para maipaalam ang sa karamihan ang pagpupulong ng mga kinatawan ng dayuhan, at upang marinig ang opinyon at katanungan ng iba't ibang tao. Kahit sino ay pwedeng sumali. Kung kinakailangan, ay pwedeng magtranslate ang mga kinatawan.

- ■ Araw at oras: Nobyembre 19, 2023 (Linggo) mula 2pm hanggang 5pm
- ■ Lugar: Nakahara Citizen Hall



★ Sa open forum ngayong taon, nais naming marinig ang inyong opinyon ukol sa mga pinaplanong panukala ng ika-14 termino ng mga kinatawan.

★ Para sa mga nag-iisip na mag-apply bilang kinatawan ng dayuhan, halina at sumali sa open forum.

# ◇◆◇ Mga tradisyonal na pagdiriwang ng Taglagas sa mundo ◇◆◇

## ▷ **"Vegetarian Festival" ng Thailand**

Tuwing Oktubre sa Japan, naririnig ang mga salitang "Gana sa pagkain tuwing Taglagas (Shokuyoku no Aki)". Sa Thailand naman sa gitna ng buwan ng Oktubre (ngayong taon ay sa Oktubre 14 hanggang 23), may 9 na araw ng pagdiriwang na hindi kakain ng karne. Sabi nila, ang simula ng pagdiriwang ay mga Chinese na naninirahan sa Phuket, ngunit ang nakakainteresado ay hindi iginaganap ang pagdiriwang na ito sa China. Ayon sa alamat, maraming ang namatay dahil sa epidemya noon, ang pagdiriwang ay nagsimula bilang pagdarasal sa diyos, hindi pumapatay ng hayop at nililinis ang sarili.




Sa panahon ng pagdiriwang, lalo na sa lungsod ng Phuket, madalas makita ang mga bandilang may nakasulat na "斎", na nakasulat nang pula sa dilaw na tela. Mayroon ding mga binebentang pagkain sa convenience store na mayroong marka na ito.
Sa langwe ng Thailand, tinatawag itong "Kinjee (Pag-kain ng gulay)", at ang mga hindi pwedeng kainin ay hindi lamang karne, ngunit kasama rin ang itlog, gatas, yogurt, at mga gulay n amalakas ang amoy kagaya ng bawang, sibuyas, at chive. Hindi rin pwedeng kumain ng patis na sikat na pampalasa sa Thailand. Isang highlight ng pagdiriwang na ito ang parada, kung saan ang mga nakikisali ay nagsasaksak ng kutsilyo o bakal na pantuhog sa kanilang dila o pisngi. Kahit pagnood lang nito ay nararamdaman ang sakit na ninanarasan, tila ang pagsakit na ito ay para mapalapit sa diyos.

Kung may pagkakataon, ba't hindi makisali sa pagdiriwang na puno ng pananampalataya at lakas ng tao.

Yuwaree Noda

## ▷ **"Araw ng mga Patay" sa Mexico**



Sa Mexico, may tradisyonal na pagdiriwang mula Oktubre 31 hanggang Nobyembre 2 na tinatawag na "Dia de Muertos (Araw ng mga Patay)". Ang pagdiriwang na ito ay ang motif ng 2017 na pelikulang "Remember Me". Sa pagdiriwang na ito, umuuwi sa pinanggalingang bayan at kasama ang pamilya, ay inaalala ang mga namatay. Kahit na kagaya ito ng Obon sa Japan, ang pagkakaiba ay ito ay maliwanag at masaya.

Sa Araw ng mga Patay, nagtatayo ng altar sa loob ng bahay na ang tawag ay Ofrenda. Kasama ang litrato ng namatay, ay inihahanda rin ang mga hilig nitong pagkain at inumin noong buhay pa, Pan de Muerto na tinapay na makakain lang sa panahon na ito (Tinapay sa Araw ng Patay), at mga kandila. Maliban dito, makikita din sa Ofrenda ang mga tsokolateng o kendi na hugis kalansay, sempasille (Senju chrysanthemum na bulaklak; marigold). Ito ay impluwensya galing sa sibilisasyon ng Aztec, ngunit ang "Araw ng mga Patay" ay nanggaling sa magkahalong impluwensya ng Katolika pagkatapos ng pagsakop ng Espanya, at mga paniniwala ng mga katutubo sa Mexico.

May Azael

**Para sa Tanong**
Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki
210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用